

HINAMON at Pinatatag: Isang Penomenolohikal na Pananaliksik sa mga karanasan ng mga out-of-field na mga GURO

Maricris P. Cagande¹, Christopher C. Baldonado², EdD

¹Teacher, Lusok Integrated School, T'boli, South Cotabato, Philippines
maricris.cagande@deped.gov.ph

²Professor, Graduate School Department, University of the Immaculate Conception, Davao City, Philippines
cbaldonado@uic.edu.ph

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino bilang *out-of-field*. Ang mga kalahok ay pinili gamit ang *purposive sampling* na binubuo ng labimpitong guro mula sa pampublikong paaralan sa Distrito ng T'boli East, Timog Cotabato. Nilayon ng pag-aaral na ito na masuri at mailarawan ang karanasan ng mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino bilang *out-of-field*. Ginamit sa pag-aaral ang kwalitatibong penomenolohikal na disenyo kung saan nagsagawa ng indibidwal na pakikipanayam at *focus group discussion* (FGD) upang makuha ang mga pananaw at karanasan ng mga guro. Lumitaw mula sa mga resulta ang mga temang may kinalaman sa kakulangan ng kaalaman sa, mga hamon sa pagtuturo sa asignaturang Filipino, mga estratehiyang ginamit, at ang mga angkop na suporta para sa mga gurong *out-of-field*. Gayunpaman, natuklasan din na ang mga guro ay gumagamit ng malikhaing pamamaraan upang mapanatili ang mataas na antas ng pagtuturo, tulad ng paggamit ng makabagong teknolohiya, pagbuo ng mga interaktibong gawain, at pagpapalawak ng kanilang kasanayan sa wika sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na propesyonal na pag-unlad. Sa kabuuan, binigyang-diin ng pag-aaral ang pangangailangan ng mas malawak na suporta para sa mga gurong nagtuturo ng Filipino bilang *out-of-field*, gayundin ang kahalagahan ng tuloy-tuloy na pagsasanay at pagbuo ng mga makatarungang patakaran upang matugunan ang mga hamong kinakaharap ng mga guro sa kanilang pagtuturo.

Susing salita: Out-of-field na guro, penomenolohiya, karanasan sa pagtuturo, hamon sa Edukasyon

INTRODUKSYON

Ang guro ay may mahalagang gampanin sa pagpapalaganap ng kaalaman, ngunit ang pagtuturo ng hindi akma sa kanilang espesyalisasyon ay nakaaapekto sa daloy ng pagtuturo. Ayon kay Jeschke et al. (2021), upang maging epektibong guro, mahalaga ang malalim na kaalaman sa paksa at pedagogikal na nilalaman. Subalit, may mga guro na itinalaga sa pagtuturo ng asignaturang hindi nila espesyalisado, na tinatawag na 'out-of-field.'

Bukod pa rito, ang pagtuturo na labas sa espesyalisasyon ay nagdudulot ng kawalang katiyakan sa paksa, na maaaring makaapekto sa pagkatuto. Ayon kay Kim (2011), ang *out-of-field* teaching ay isang pandaigdigang problema. Sa bansang United States of America,

tinatayang nasa 22% na mga guro sa sekundarya at 23% sa middle school ang nagtuturo ng hindi nila espesyalisadong asignatura (Ramsay, 2013). Dagdag pa rito, ang ganitong suliranin ay lagap din sa Australia, ayon sa Australian Council for Educational Research, 26% ng mga guro mula ikapito hanggang ikasampung baitang ang nagtuturo ng out-of-field (Weldon, 2015). Sa ulat ng The Jakarta Post, (2020), nangyayari rin ito sa Indonesia, tinatayang 30% ng mga guro ang nagtuturo ng hindi nila espesyalisadong asignatura.

Ayon kina Bayani at Guhao (2017), lagap ang suliraning pagtuturo ng mga guro sa asignaturang hindi nila larangan sa Pilipinas, sanhi ng kakulangan ng kwalipikadong guro. Ayon sa School Personnel Assessment List and Basic Profile of Secondary Schools for 2016, tinatayang 29.8% ng pagtuturo sa bansa ay out-of-field. Sa Ilocos Region, ayon sa Education Statistics (2020), 30.5% ng mga guro sa sekundarya at 23.4% sa elementary ang nagtuturo ng hindi kanilang larangan. Sa Metro Manila, ayon sa DepEd NCR, ang out-of-field teaching ay maaaring nasa 10-15%, at tumataas lalo na sa mga asignaturang Science, Mathematics, at English sa mga pampublikong paaralan na may mataas na bilang ng mag-aaral at kakulangan sa kagamitan.

Dagdag pa rito, lagap ang suliranin ng out-of-field teaching sa lungsod ng Heneral Santos. Ayon sa National Research Council of the Philippines (NRCP), ipinapakita ng "Teacher Quality and Teacher Deployment in the Philippines" ang epekto ng kakulangan ng kwalipikadong guro sa mga lugar na may matinding pangangailangan sa edukasyon. Sa ilang munisipalidad ng Timog Cotabato, ayon sa Philippine Institute for Development Studies (2019), ang out-of-field teaching sa mga urbanisadong lugar ng Koronadal at Polomolok ay nasa 15-20%, habang sa mga liblib na lugar tulad ng Tantaran at Lake Sebu, maaaring umabot ito sa 20-30%.

Sa kabilang banda, ang pagsusuri sa literatura ni Chan (2016) tungkol sa pagtuturo sa labas ng larangan ay nakilala ang ilang puwang sa pananaliksik. Ang maliliit na laki ng sample na may maraming pag-aaral ngunit may limitadong laki ng sample, na naglilimita sa pagiging pangkalahatan at ang kakulangan ng mga paghahambing na pag-aaral, na may kaunting pag-aaral ang naghahambing ng pagtuturo sa labas ng larangan sa iba't ibang asignatura, paaralan o rehiyon.

Bukod pa rito, Sa pagpapatupad ng Batas Republika Blg. 9155 Batas sa Pamamahala ng Batayang Edukasyon ng 2001 sa Pilipinas, sinusupportahan ng bansa ang mga proyekto sa komunidad na naglalayong pagandahin ang mga pasilidad ng edukasyon at ang layunin ng United Nations na magbigay ng kalidad na edukasyon bilang susi sa napananatiling kaunlaran ng mundo. Kaya't ang isyu ng pagtuturo sa labas ng espesyalisasyon ay isa sa mga hadlang sa kalidad ng edukasyon.

Bukod pa rito, kakaunti ang mga pag-aaral na sumusuri partikular sa suliraning nararanasan ng mga guro na nagtuturo ang asignaturang hindi nila pangunahing larangan sa mga pampublikong sekundarya at senior high school na paaralan, at kakaunti rin ang mga pag-aaral tungkol sa mga guro na tumatalakay sa personal, emosyonal, at propesyonal na karanasan mismo ng mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino bilang out-of-field sa mga metropolitan na lugar sa Pilipinas.

Samakatwid, limitado pa lamang ang pag-aaral tungkol sa motibasyon ng mga guro na nagtuturo bilang out-of-field (OECD, 2019), Dahil dito, ang pananaliksik na ito ay naglalayong punan ang kakulangang ito sa literatura sa pamamagitan ng penomenolohikal na pamamaraan, upang masusing maunawaan ang mga salaysay, damdamin, at pananaw ng mga out-of-field na guro, at kung paanong ang kanilang mga karanasan ay naging hamon ngunit nagsilbi ring paraan

upang sila ay tumatag at magpatuloy sa propesyon.

Para sa diseminasyon, magbibigay ng kopya ang mga mananaliksik sa paaralang pinagkuhanan ng datos at ipre-presenta ito sa punong-guro, master teacher, subject loading coordinator, at sa dibisyon upang matukoy at masolusyonan ang suliranin ng mga guro na nagtuturo ng asignaturang hindi nila espesyalisasyon. Ilalathala rin ang pag-aaral upang mas maintindihan ang karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng mga asignaturang labas sa kanilang medyor. Sa pamamaraang ito, matutukoy at masosolusyunan ang karanasan ng mga guro sa sekundarya at senior high school. Magsisilbi rin itong batayan para sa ibang mananaliksik at karagdagang reperensya sa kaugnay na pag-aaral.

TEORETIKAL NA LENTE

Nakabatay ang pananaliksik na ito sa teoryang Technological, Pedagogical and Content Knowledge (TPACK) ni Shulman (1986), na nagsilbing batayan upang masiguro ang kawastuhan at mapagtibay ang paglalahad ng pananaliksik na ito. Ito ang pinili ng mananaliksik sapagkat ito ang pinakaangkop na gamitin sa pag-aaral sapagkat ang teoryang ito ay nakabatay sa kaalaman ng guro at mga estratehiya na kanyang maaaring gamitin sa loob ng silid-aralan na makatutulong sa pag-unlad ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Bukod pa rito, ito ay isang mahalagang konsepto sa pagtuturo na may malawak na kaalaman ang guro sa nilalaman ng mga aralin at mga estratehiya sa pagtuturo. Ang kaalaman sa nilalaman ay ang malalim na pag-unawa ng guro sa mga paksa na kanilang itinuturo. Kabilang dito ang mga pangunahing konsepto, prinsipyo, at impormasyon sa asignatura. Ang kaalaman sa pedagogiya ay ang kasanayan at estratehiya na ginagamit ng guro upang epektibong ituro ang nilalaman. Kasama dito ang iba't ibang paraan ng pagtuturo, pamamahala sa silid-aralan, at pagbuo ng mga aktibidad para sa mga estudyante.

Dagdag pa, ang Technological, Pedagogical and Content Knowledge (TPACK) ay nangangailangan ng kakayahang umangkop. Ang guro ay kailangang handang baguhin ang kanilang diskarte at materyales na nakatuon sa pangangailangan at interes ng kanilang mga estudyante.

Sa kabuuan, ang mga guro na out-of-field ay maaaring gumamit ng kanilang sariling karanasan mula sa iba't-ibang disiplina upang makabuo ng mas kawili-wili at kaugnay na aktibidad sa mga estudyante. Ang pagkonekta sa nilalaman na nakabatay sa totoong buhay ay makatutulong sa pagbuo ng interes.

METODO

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong pananaliksik na kinabibilangan ng paglalagay ng tagamasid sa tunay na konteksto ng mundo, kung saan isinasagawa ang mga interpretatibo at kilos upang maunawaan ang mga pangyayari. Kasama sa mga aksyong ito ang pagkolekta ng mga tala sa larangan, mga panayam, mga diyalogo, mga recording, at mga memo ng sariling repleksyon upang ipakita ang mga realidad ng mga kalahok. Ang mga mananaliksik na gumagamit ng pamamaraang ito ay naglalayong bigyan ng kahulugan ang mga pangyayari batay sa mga kahulugang ibinibigay ng mga kalahok sa mga ito (Creswell at Poth, 2016). Bukod pa rito, ang kwalitatibong pananaliksik ang ginamit sapagkat ang mananaliksik ay nagnais na tutukan ang pag-unawa sa karanasan, pananaw, at saloobin ng mga tao hinggil sa isang partikular na isyu o sitwasyon.

Ang kwalitatibo-penomenolohikal na disenyo ang ginamit sa pananaliksik na ito. Ang pamaraang ito ang pinili dahil ang mananaliksik ay nagnais na kolektahin ang datos na

kinabilangan ng mga transkripsyon ng indibidwal na panayam, mga tala sa larangan, mga audio recording, mga talaarawan, personal na repleksyon, mga opisyal na rekord, at iba pang materyales na nagpahayag ng aktwal na mga salita o aksyon ng mga kalahok sa pag-aaral (Fraenkel at Wallen, 2006). Ang penomenolohikal na panayam ang pinakaangkop na estratehiya sa pangangalap ng datos para sa pag-aaral na ito sapagkat ang pag-aaral ay tinalakay ang buhay na karanasan ng mga guro.

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay tinukoy batay sa maingat na itinakdang mga pamantayan upang tiyakin na sila ay mayroong mga karanasang magkakapareho na may kaugnayan sa penomenang pinag-aralan. Partikular, ang mga pangunahing partisipante ay binubuo ng mga guro na itinalaga upang magturo ng asignaturang Filipino na hindi saklaw ng kanilang larangan sa mga malalayong paaralan sa Distrito ng T'boli East, Timog Cotabato. Bukod rito, ang mga kalahok ay hindi bababa sa tatlong taong serbisyo sa kanilang mga pinagtuturuan kaya natiyak ng mananaliksik na ang mga kalahok ay may malalim na karanasan sa sitwasyong ito. Sa kabilang banda, upang patibayin ang pag-aaral, ipinakilala ng mananaliksik ang mga kalahok bilang **IDI_k1, IDI_k2, IDI_k3, IDI_k4, IDI_k5, IDI_k6, IDI_k7** para sa in-depth interview (IDI) at **FGD_k1, FGD_k2, FGD_k3, FGD_k4, FGD_k5, FGD_k6, FGD_k7, FGD_k8, FGD_k9** at **FGD_k10** para sa Focused group discussion (FGD). Bukod dito, may kabuuang labimpitong (17) na pangunahing tagapagbigay ng impormasyon ang sadyang pinili para sa pag-aaral na ito. May sampu (10) na pangunahing kalahok para sa focused group discussion (FGD) at pito (7) para sa in-depth interview (IDI).

Ang mga pagkakakilanlan ng mga gurong ito ay nakuha mula sa talaan ng mga guro na pinanatili ng tanggapan ng Distrito ng T'boli East. Ang proseso ng pagpili ay sumunod sa mga prinsipyo ng purposive sampling, na madalas ginagamit sa mga penomenolohikal na pag-aaral upang matiyak na ang mga kalahok ay tumutugon sa mga mahalagang pamantayan para sa mga layunin ng pananaliksik. Ang purposive sampling (kilala rin bilang judgmental sampling o selective sampling) ay isang nonprobability sampling technique kung saan ang mga kalahok ay pinipili batay sa partikular na layunin o katangian na may kaugnayan sa pag-aaral. Ang mananaliksik ay gumamit ng purposive sampling na nakatutok partikular na tao, grupo, o kaganapan na may kaugnayan sa pag-aaral. Tinalakay sa akdang ito ang mga prinsipyo at estratehiya sa purposive sampling, partikular sa mixed methods na pananaliksik, at kung paano ito ginagamit upang tukuyin ang mga kalahok na may mga tiyak na karanasan o katangian na nauugnay sa layunin ng pananaliksik. Ang purposive sampling ay tinalakay bilang isang mahalagang teknik sa mga kwalitatibong pag-aaral, kung saan ang layunin ay makuha ang pinakamahalagang mga insight mula sa mga partikular na grupo o indibidwal. Palinkas et al. (2015). Kaya, malaki ang naiambag nito sa tagumpay ng pananaliksik.

Sa pananaliksik na ito, pinili ng mananaliksik ang mga guro na may karanasan sa pagtuturo sa labas ng kanilang larangan ay umaayon sa mga layunin ng pag-aaral. Inirekomenda ni Creswell (2013) na ang mga penomenolohikal na pag-aaral ay tutuklasin ang mga karanasan ng tatlo hanggang sampung kalahok. Ang paggamit ng siyam na pangunahing tagapagbigay ng impormasyon sa pag-aaral na ito ay nasa loob ng inirerekomendang saklaw, na tinitiyak na ang laki ng sample ay madaling pamahalaan habang nagbibigay ng sapat na lalim ng datos. Kung ang laki ng sample ay lumampas sa kinakailangan, maaaring gumamit ng random purposive sampling upang mapahusay ang kredibilidad ng mga natuklasan. Gayunpaman, mahalagang tandaan na ang purposive sampling ay hindi nilayon upang makamit ang representativeness o generalizability kundi upang makuha ang malalim na pananaw sa mga karanasan ng mga kalahok.

Dagdag pa rito, sa pamamagitan ng purposive sampling strategy na ito, layunin ng mananaliksik na tuklasin ang mga natatanging hamon at mekanismo sa pagharap ng mga guro na nagtuturo na labas sa kanilang pangunahing larangan sa malalayong paaralan. Sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga kalahok ay may kaugnayan at makabuluhang karanasan, ang pag-aaral ay nakabuo ng mayamang datos na sumasalamin sa mga realidad ng pagtuturo sa labas ng kanilang larangan sa konteksto ng Distrito sa T'boli East. Ito ay nakatulong sa mas malalim na pag-unawa sa penomenon at nagbigay ng mga pananaw sa mga sistema ng suporta at mga estratehiya na makatulong sa mga guro na umunlad sa kanilang mga tungkulin.

Sa kabuuan, ang paksa na pinag-usapan ay hindi sensitibo. Gayunpaman, tiniyak ng mananaliksik na kung hindi komportable sa pagsagot ang kalahok sa mga tanong sa panayam, maaari nilang piliing hindi sagutin ang mga tanong na maaaring magdulot ng anumang sikolohikal o emosyonal na pagkabalisa. Gayundin ang pag-atras bilang kalahok sa pag-aaral kung sa tingin nila ay hindi kayang talakayin ang impormasyong hinihingi. Dagdag pa dito, ang kalahok ay maaaring umalis o umatras sa araw ng panayam bilang pagrespeto sa kanilang desisyon sapagkat ang mananaliksik ay inuuna ang kapakanan ng mga kalahok.

Ang pakikipanayam ay ginagawa sa pamamagitan ng pakikipag-usap ng harapan na kung saan mayroong pagpapalitan ng impormasyon sa pagitan ng isang kalahok at tagapanayam ayon kay Creswell (2012). Dagdag pa rito ni Gabler (2013), ang in-depth interview ay isang uri ng semi-structured na pakikipanayam na kung saan ang tagapanayam ay malayang nakabubuo ng mga nilalaman at disenyo nito na nagbubunga sa mataas na kagustuhang magbigay ng impormasyon at mas mataas na partisipasyon ng mga kalahok. Ang ganitong uri ng pangangalap ng datos ay nagpanatili ng posibleng sunod-sunod na mga argumentasyon na siyang dahilan kung bakit ito angkop para sa pag-aaral. Bukod pa rito, ang gabay sa panayam na ginawa ay sumailalim sa isang masusing proseso ng beripikasyon alinsunod sa mga pamantayan ng Graduate School ng UIC upang matiyak ang kalidad at kredibilidad nito. Bilang bahagi ng proseso, tatlong eksperto ang nagsagawa ng pagsuri at pagsuri ng nilalaman ng gabay gamit ang validation tool na binigay ng Graduate School. Ang hakbang na ito ay nagbigay ng karagdagang katiyakan na ang mga tanong na tutok sa mga layunin ng pananaliksik at naging epektibo sa pagkuha ng mga kinailangang impormasyon mula sa mga kalahok, kaya't pinalakas ang integridad at bisa ng buong proseso ng pananaliksik.

Dagdag pa, ang pangunahing ginamit na instrumento ng pananaliksik ay ang semi-structured na interbyu. Ang mga interbyu ay nagbigay ng malalim na pag-unawa sa mga personal na karanasan at pananaw ng mga guro na nagtuturo sa mga asignaturang hindi nila espesyalisado. Sa kabilang banda, bago ginawa ang interbyu, nagbigay ang mananaliksik ng gabay na tanong sa mga kalahok upang bigyan sila ng sapat na panahon upang maghanda at mag-isip ng kanilang mga sagot. Ang mga tanong ay binigay nang malinaw na istruktura upang tutukan ang mga pangunahing isyu at karanasan ng mga guro, ngunit tiniyak ng mananaliksik na may kalayaan ang mga kalahok na magbahagi ng kanilang saloobin at kwento sa mas malalim na paraan. Ang mga tanong na binuo ay hindi sensitibo at hindi nakasama kaya napadali ang bukas na komunikasyon sa pagitan ng mga kalahok at ng mananaliksik. Bukod pa rito, tiniyak ng mananaliksik ang kredibilidad at integridad ng datos, ang bawat interbyu ay naitala at itinago nang ligtas.

Naging bahagi ng proseso ang pagsulat ng mga minutes o tala ng bawat interbyu upang tiyakin na tumpak at kumpleto ang pagkolekta ng impormasyon. Ang mga tala na ito ay nasilbing sanggunian upang masusing pag-aralan ang mga tema at pangunahing ideya na lumabas mula sa mga sagot ng mga guro. Bilang bahagi ng proseso ng pagiging bukas at

paggalang sa kanilang oras, binigyan din ng kopya ng mga gabay na tanong ang bawat kalahok upang magkaroon sila ng pagkakataon na maghanda at mapag-isipan ang kanilang mga sagot bago ang interbyu. Sa ganitong paraan, ang mga guro ay nagkaroon ng pakiramdam ng paggalang sa kanilang mga opinyon at magiging handa sila sa mas bukas at mas tapat na pag-uusap.

Bukod pa rito, ang panayam ay ginanap na naaayon sa ninanais at libreng oras ng mga kalahok. Ang panayam ay nagtagal ng labinlimang minuto hanggang limampung minuto. Binubuo ito ng apat na katanungan na may limang gabay na tanong na dapat sagutin. Dagdag pa rito, tiniyak ng mananaliksik na walang halong panghuhusga at diskriminasyong mailalapat sa kanilang kasagutan.

Sa anumang uri ng pananaliksik, ang tamang pagpili ng hanguan ng datos ay napakahalaga upang matiyak ang kredibilidad at katumpakan ng mga resulta. Bukod pa rito, bago isipin ang pag-aaral, natukoy ng mananaliksik ang isang penomena ay kawili-wili sapagkat ito ay nag-ugat mula sa kanyang karanasan sa pagtuturo sa Distrito ng T'boli East, isa sa mga pinakamalalayong lugar sa Timog Cotabato. Ang pag-aaral na ito ay tutok sa mga hamon na hinaharap ng mga guro na itinalaga upang magturo sa labas ng kanilang larangan sa mga malalayong paaralan, na nagbigay ng mas malawak na pananaw upang maunawaan ang kanilang natatanging mga kalagayan.

Pagkatapos nakuha ang kinakailangang datos sa pagsagawa ng malalim na panayam sa mga kalahok, kasunod ng mga focused group discussion upang i-validate ang mga sagot at nakuha ang komprehensibong pag-unawa sa kanilang mga karanasan. Bukod pa rito, ang pag-aaral ay sumunod sa mga protokol na itinatag ng UIC Graduate School, simula sa pagkuha ng pahintulot mula sa mga punongguro sa Distrito ng T'boli East. Humingi rin ng pahintulot mula sa mga guro na tinukoy bilang mga pangunahing informant at kalahok sa focused group. Dagdag pa rito, nagbigay ang mananaliksik ng kopya ng naaprubahang kahilingan at nagkoordinasyon sa pagtakda ng mga aktibidad ng pananaliksik nagkatapos nakuha ang pahintulot, kabilang ang panayam at focused group discussion. Tulad ng binibigyang-diin ni Raizer (2012), mahalagang protektahan ang mga pagkakakilanlan ng mga pangunahing informant upang matiyak na wala sa mga impormasyong nakalap ang maglalagay sa kanila sa negatibong kalagayan. Bukod pa rito, ang dokumentasyon ng proseso ng pagkolekta ng datos ay maglalaman ng mga larawan, mga audio recording ng mga panayam at focused group discussions, at transcription ng mga tala.

Ang mga focused group discussion ay nagsilbing mahalagang paraan sa pagkolekta ng datos sa pag-aaral. Ito ay nagbigay-daan sa pagtuklas ng mga nakatagong pananaw at perspektibo, na nagtataguyod ng kapaligiran kung saan ang mga kalahok ay makapag-uugnayan nang natural at magkakaroon ng impluwensiya sa isa't isa (Krueger at Casey, 2009). Ang focused group discussion ay binubuo ng mga kalahok na iningatan ng mananaliksik na nagplano ng talakayan upang mapanatili ang kaayusan ng kapaligiran kung saan ang mga kalahok ay nakaramdam ng kaginhawaan sa pagbahagi ng kanilang mga saloobin at ideya tungkol sa kanilang mga karanasan sa pagtuturo sa labas ng kanilang larangan. Bukod pa rito, ginamit ng mananaliksik ang mga gabay na tanong para sa focused group discussion upang gabayan ang sesyon, hinikayat ang bukas na diyalogo sa pagitan ng mga kalahok. Ang pamaraang ito ay nagbigay-daan para sa pagkolekta ng mayaman at malalim na impormasyon tungkol sa mga tanong sa pananaliksik, kung saan ang mga open-ended na sagot ay napadali ang malawakang pagtuklas sa kanilang mga karanasan sa Distrito ng T'boli East. Karaniwan, ang isang focused group ay binubuo ng 6–12 kalahok, na nagbibigay sa mga kwalitatibong mananaliksik ng

epektibong paraan upang sabay-sabay na makuha ang magkakaibang opinyon (Lin et al., 2017). Sa pananaliksik na ito, mahalaga ang mga nalikom na datos mula sa focused group discussion (FGD) dahil dito, nakabuo ng isang makabuluhang datos ang mananaliksik. Dagdag pa, tiniyak ng mananaliksik na ligtas at komportableng kapaligiran para sa mga kalahok upang maibahagi ang kanilang mga karanasan, dahil dito, nakamit ng mananaliksik ang pagbigay ng pribadong espasyo para sa talakayan.

Sa pangangalap ng datos, tiniyak ng mananaliksik na sinunod ang tamang proseso kaya natiyak ang etikal na pagsagawa ng pananaliksik. Una, humingi ng pahintulot ang mananaliksik mula sa Dean of the Graduate School upang isagawa ang pag-aaral. Matapos nakuha ang pahintulot, ay nag-apply ang mananaliksik para sa ethical clearance mula sa University Research Ethics Committee upang suriin ang mga etikal na pagsasaalang-alang, tulad ng pagiging kumpidensyal ng datos, proteksyon ng mga kalahok, at pagsunod sa etikal na pamantayan ng pananaliksik.

Pagkatapos nakuha ng mananaliksik ang ethical clearance at natukoy ang listahan ng mga pangunahing informant, naghanda ang mananaliksik ng isang pormal na liham na humihiling ng pahintulot mula sa dibisyon superintendent at punongguro ng mga institusyon kung saan itinalaga ang mga napiling kalahok sa loob ng Distrito ng T'boli East. Ang hakbang na ito ay nasiguro na ang pag-aaral ay ginawa ay may malalim kaalaman at pahintulot sa administrasyon ng paaralan, maayos na kooperasyon at banayad na pagpapatupad.

Ang pahintulot na binigay ay naging batayan ng mananaliksik upang, isagawa ang mga paunang pagbisita sa mga paaralan kung saan nakatalaga ang mga kalahok. Mahalaga ang mga pagbisita ito para sa pagtatatag ng ugnayan at pagtitiwala sa mga kalahok, at para sa kritikal na katagumpayan ng kwalitatibong pananaliksik. Sa pagbisita ng mananaliksik ay personal na pinaliwanag ang layunin ng pag-aaral at ipinadama ang kahalagahan ng pakikilahok ng mga kalahok sa pagpapalawak ng pag-unawa sa pagtuturong out-of-field sa mga malalayong paaralan. Dagdag pa rito, ang paunang pulong na ito ay nagsilbing pagkakataon din upang talakayin ang anumang mga tanong na maaaring mayroon ang mga kalahok tungkol sa pag-aaral. Ipinahayag ng mananaliksik ang mga etikal na konsiderasyon, kabilang ang pagiging kompidensyal, boluntaryong pakikilahok, at nabuong pahintulot. Hiningi sa mga kalahok na punan ang isang form ng pahintulot sa pulong na ito upang pormal na tukuyin ang kanilang pakikilahok. Bukod dito, tinalakay ng mananaliksik ang mga tanong ng pananaliksik, na nagbigay sa mga kalahok ng panahon upang pagnilayan ang kanilang mga karanasan bilang mga guro na itinalaga upang magturo ng mga asignaturang hindi saklaw ng kanilang larangan. Ang mga hakbang na ito sa paghahanda ay napakahalaga, dahil binibigyang-diin nina McGrath, Palmgren, at Liljedahl (2019) na ang pagtatatag ng ugnayan at pagpapakita ng pag-unawa ay mahalaga para sa pagbuo ng positibong relasyon sa mga malalim na panayam. Ang pagtatatag ng tiwala ay naghikayat sa mga kalahok na ibahagi ang kanilang mga karanasan nang bukas at detalyado, na mahalaga kapag tinalakay ang mga hamon at estratehiya kaugnay sa pagtuturo ng asignatura na hindi pangunahing larangan sa mga malalayong lugar.

Ang paunang-ugnayan na ito ay nagbigay din sa mga kalahok ng pagkakataon na muling pag-isipan at magnilay sa kanilang mga karanasan. Ang ganitong pagninilay ay nakatulong sa kanila na maghanda para sa mga panayam at matiyak na makapagbibigay sila ng mayaman at makabuluhang pananaw sa penomenang pinag-aaralan. Sa pamamagitan ng mga interaksyong ito, napanatili ng mananaliksik ang isang ligtas na kapaligiran na angkop para ginawang talakayan, na sa huli ay nagresulta sa malalim na datos na sumasalamin sa kanilang mga damdamin.

Bukod pa rito, naghanda ang mananaliksik ng isang draft na buod ng proyekto ng pananaliksik, na nakasulat sa simpleng wika, na ibinahagi sa mga kalahok bago ang mga panayam. Ang dokumentong ito ay nagbigay sa kanila ng impormasyon tungkol sa mga paksang tinalakay at ang kahalagahan ng pananaliksik. Ang pagtatatag ng ugnayan sa panahon ng mga panayam ay kritikal. Ito ay nagbigay-daan sa mga kalahok na nagbigay ng detalyado at masalimuot na mga kwento ng kanilang mga karanasan. Sa huli, tiniyak ng mananaliksik na mapalapit sa mga pangunahing informant upang mapanatili ang pamilyaridad na nakatulong sa pagbuo ng ugnayan sa pananaliksik. Ang pagsuri ng kwalitatibong datos ay nagdulot ng mahalagang hamon, lalo na para sa mga baguhang mananaliksik. Ang mga natuklasan ay hindi agad lumilitaw mula sa mga transkripsyon at dokumento; sa halip, kailangan ng maingat at masusing pagsisikap upang matukoy ang mga pangunahing elemento, at ihandog ang mga ito sa isang magkakaugnay na salaysay na tumutugon sa mga tanong sa pananaliksik at sumasalamin sa pagiging tunay ng datos (Miles, Huberman, & Saldana, 2014). Bukod pa rito, ginawa ang pagsuri ng kwalitatibong datos na proseso tulad ng pag-audit, pag-kategorya, at pagbigay kahulugan sa mga impormasyong na nakuha mula sa mga interbyu, talakayan, at obserbasyon. Sa pagsuri ng mananaliksik sa nalikom na datos, ginawa ang coding, kung saan ang mga pahayag ay pinagsama at binigyan ng mga tema o kategorya kaya natukoy ang mga pangunahing ideya. Pagkatapos, tiningnan at inugnay ang mga tema, nakuha ang malalim na pag-unawa sa mga karanasan at pananaw ng mga kalahok. Ang pagsuri ay hindi nakatuon sa pagkuha ng mga numerikal na datos, kung hindi sa binuong mga interpretasyon mula sa mga naratibo o kwento ng mga kalahok.

Sa kabilang banda, naunawaan ng mananaliksik na sa kwalitatibong datos ay kailangang tumungo sa nilalaman at payagan ang sarili na ‘mamuhay’ mula sa nakalap na mga datos. Ang prosesong ito ng pagtuklas ay kinabilangan ng paghanap sa transkripsyon para sa mga makabuluhang kahulugan at mahalagang pattern, na nagsumikap kaya nakuha ang mga lehitimong at mapanlikhang natuklasan. Ayon kina Moser at Korstjens (2018), dapat maging pamilyar ang mananaliksik sa datos sa pamamagitan ng maingat na pagbabasa at muling pagbabasa ng mga transkripsyon, na naglalayong makamit ang mas malalim na pag-unawa sa tekstuwal na materyal.

Ginawa ang proseso ng pagkolekta ng datos gamit ang face-to-face na panayam upang itala ang kanilang karanasan. Ginamit ng mananaliksik ang audio recording upang itala ang ginawang panayam sa in-depth at focused group discussion. Tiniyak ng mananaliksik na libre sa oras ng panayam ang mga kalahok at hindi nakaabala sa kanilang trabaho.

Pagkatapos nakuha ang mga datos, sinuri ito gamit ang thematic analysis upang tukuyin ang mahalagang temang lilitaw mula sa mga sagot ng mga kalahok. Dagdag pa nila Gibson at Brown (2009), ang thematic analysis ay kinabibilangan ng pagtuklas ng mga pagkakapareho, pagkakaiba, at ugnayan sa loob ng nakalap na datos.

Bukod pa dito, ang paksa na pinag-usapan ay hindi sensitibo at tiniyak ng mananaliksik na walang pisikal o sikolohikal na pinsala ang nangyari sa sinumang kalahok sa pamamagitan ng maayos at komportableng lugar sa oras ng panayam. Tiniyak ng mananaliksik na hindi nagdulot ng stress o anxiety o anumang emosyonal na epekto ang mga tanong o proseso ng panayam. Gayundin sa pagtiyak na ang mga tanong ay hindi sensitibo o nakakabigla, at binigyan ang kalahok ng karapatang laktawan ang anumang tanong na sa tingin nila ay hindi sila komportableng sagutin ito. Bukod dito, wala ring pisikal na panganib sa lugar ng panayam na nagdulot ng pinsala. Dahil dito, maituring na ligtas, maayos, at etikal ang isinagawang panayam, alinsunod sa mga pamantayang itinakda para sa makataong pananaliksik.

Dagdag pa, tiniyak ng mananaliksik na naipaliwanag ang layunin ng pag-aaral, gayundin ang paggalang at privacy sa bawat isa na nakatulong upang ang mga kalahok ay komportable at bukas sa pagsagot. Sa ganitong paraan, naging maayos, makatarungan, at naiwasan ang anumang negatibong epekto sa kanilang kalusugan at emosyon. Sa kabilang banda naman, tiniyak ng mananaliksik na nabigyan ang mga kalahok ng nabuong pahintulot at ang kanilang pagiging kompidensyal ay pinangangalagaan. Dagdag pa nina DiCicco-Bloom & Crabtree, (2006) upang mapanatili ang tiwala at kumpiyansa, magtatatag ang mananaliksik ng ugnayan bago simulan ang mga panayam. Mahalaga ang paglikha ng isang ligtas at komportableng kapaligiran para sa mga kalahok upang maibahagi ang kanilang mga karanasan, na makakamit sa pamamagitan ng pagbibigay ng pribadong espasyo para sa mga talakayan. Sa kabuuan, ang buong proseso ng panayam ay walang naiulat o naobserbahang senyales ng stress, takot, o anumang hindi kanais-nais na damdamin mula sa mga kalahok. Lahat ng sagot ay binigay nang maluwag sa loob at walang presyur mula sa mananaliksik.

Sa kabilang banda naman, ginawa ng mananaliksik ang pagkowd mula sa mga nakolektang datos. Ito ang mahalagang kasangkapan sa kinalabasan ng kwalitatibong datos sa isang magkaugnay at mapagkakatiwalaang salaysay. Ang pangunahing proseso ng pag-kowd ay kinabibilangan ng pagsuri sa isang magkaugnay na bahagi ng mga aktwal na datos. Sa madaling salita, ang aktwal na datos sa konteksto ng kwalitatibong pananaliksik ay ang aktwal na impormasyon o datos na nakuha mula sa panayam, tulad ng ginawang talakayan at interby, na ginamitan ng coding at natukoy ang mga mahalagang tema gayundin ang mga pangunahing ideya na binubuo ng isang salita o talata na sumasalamin sa kakanyahan nito. Sa sentro ng kwalitatibong pagsusuri, tumutulong ang pag-kowd na bawasan ang malawak na nilalaman mula sa mga aktwal na datos, na ginawang mas madaling maunawaan ang mga datos para sa pagsuri habang sabay na pinabuti ang kalidad ng mga natuklasan.

Sa pamamagitan ng malalim na panayam sa mga kalahok na nakaranas ng penomenang ito, humugot ang mananaliksik ng mga kaugnay na pahayag mula sa bawat paglalarawan ng kalahok at naayos ang mga ito sa makabuluhang mga tema. Ang mga temang ito ay sinuri pa upang isalaysay ang mga kwento ng parehong hamon at tagumpay, na sumasalamin sa emosyonal na kalagayan ng pagtuturo sa labas ng kanilang larangan. Ang mga natuklasan ay makatulong sa mas malalim na pag-unawa kung paano naranasan, nalampasan, at nabigyan ng kahulugan ng mga guro ang kanilang mga tungkulin sa mga hindi pamilyar na asignatura.

Sa kabilang banda naman, sa pagsuri ng datos mula sa panayam, ginamit ng mananaliksik ang Thematic Analysis nina Braun at Clarke (2018), isang metodolohiyang ginamit sa kwalitatibong pananaliksik at sistematikong natukoy, nasuri, at nailahad ang mga tema mula sa makabuluhang datos. Ang unang hakbang ay ang pagkilala at paggalugad sa datos, kung saan paulit-ulit na binasa at pinakinggan ng mananaliksik ang mga transkripsyon ng panayam mula sa audio recording kaya lubos na naunawaan ang karanasan ng mga guro na nagtuturo sa labas ng kanilang espesyalisasyon. Sa yugtong ito, natuklasan ang mga karaniwang damdamin ng pagkabigla, pagkalito, at pagsumikap mula sa mga kalahok. Sumunod dito ang pagbuo ng paunang mga kodigo, kung saan minarkahan ang mga makabuluhang pahayag ng mga kalahok at binigyan ng mga paunang label, tulad ng “Exigency ng serbisyo”, “Tinanggap ng bukal sa loob” at “Opportunidad sa pagtuturo”.

Sa ikatlong hakbang, ay ang pagsimula sa paghanap ng mga tema sa pamamagitan ng pagsama-sama ng magkaugnay na kodigo. Mula rito, lumitaw ang ilang mahahalagang tema tulad ng: “Propesyonal na kakayahang umangkop”, “Pagdududa sa sarili”, “Nakararanas ng panloob na pakikibaka” at “Mababa ang kumpiyansa sa pag-unawa sa paksa”. Ang mga temang

ito ay muling ni-review at pinagtibay kaya natiyak na tunay silang sumasalamin sa kabuuang karanasan ng mga kalahok. Sa sunod na hakbang, ang bawat tema ay pinangalanan at binigyan ng malinaw na paglalarawan kaya nakita ang kanilang esensyal na kahulugan sa konteksto ng pananaliksik. Halimbawa, ang temang “Propesyonal na kakayahang umangkop” ay tumutukoy sa pagiging bukas ng mga guro sa kanilang sinumpaang trabaho samantalang ang “Nakararanas ng panloob na pakikibaka” ay tumutukoy sa kanilang pag-aalinlangan sa nilalaman sa asignatura ng kakulangan ng kumpiyansa sa kasanayan sa pagtuturo sa asignaturang Filipino.

Sa huling hakbang ng proseso, ay isinulat at inilahad ang mga tema sa anyong salaysay, gamit ang aktwal na sipi mula sa panayam binigyang-kahulugan ang mga karanasan ng mga guro. Halimbawa, isa sa mga guro ang nagsabing, “Tinanggap ko ito ng bukal sa aking kalooban. Dapat gawin dahil sa exigency ng serbisyo,” na malinaw na sumasalamin sa “Propesyonal na kakayahang umangkop. Isa namang guro ang nagbahagi ng, “Presyur sa pagtuturo” at “Nawalan ng tiwala sa pagtuturo,” na nagpakita sa temang “Nakararanas ng panloob na pakikibaka”. Sa kabuuan, ang prosesong pagsuri batay sa thematic analysis ay nagbigay-daan na ilahad ang malalim na penomenolohikal na karanasan ng mga out-of-field na guro na bagama’t hinamon, ay pinatatag sa gitna ng mga pagsubok sa kanilang propesyon.

Sa ginawang pag-aaral, matapos ang pagsuri at pagbuo ng mga tema, ginawa ang pagwakas sa pamamagitan ng pagbuod sa mahalagang natuklasan mula sa mga karanasan ng mga out-of-field na guro sa pagtuturo ng Filipino. Inilahad ang mga temang lumitaw sa malinaw at sistematikong paraan, kalakip ang mga piling pahayag ng kalahok bilang patunay sa mga resulta. Ang mga natuklasan ay iniulat sa anyong makabuluhan upang maipakita ang epekto ng out-of-field teaching at nagsilbing batayan ng mga rekomendasyon para sa pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon.

MGA RESULTA

Profile ng mga Kalahok

Ang unang talahanayan ay nagpapakita ng profile ng mga kalahok sa pananaliksik. Napapangkat sila batay sa kanilang pangunahing larangan, asignaturang itinuturo at taon sa pagtuturo. Sila rin ay binigyan ng sariling kowd ayon sa bilang ng pagkakasunod-sunod nila sa pagsasaling pagsulat ng mananaliksik sa kaniyang panayam. Ito ay upang maiwasan ang pagbanggit sa kanilang mga tunay na pangalan o kanilang katauhan.

Batay sa unang talahanayan mayroong labinpitong (17) kalahok, pito ay nagmula sa indepth na panayam at sampu naman sa focused group discussion. Makikita sa talahanayan ay iba ang pangunahing larangan ng mga kalahok ngunit nagtuturo ng ibang asignatura na hindi saklaw ng kanilang pangunahing larangan kabilang na ang asignaturang Filipino at makikita na ang mga kalahok ay matagal sa pagtuturo.

Talahanayan 1.*Profile ng mga Kalahok*

Kowd	Pangunahing Larangan	Asignaturang itinuturo sa Filipino	Taon sa Pagtuturo
IDI_k1	MAPEH	FILIPINO 7, FILIPINO 9	16
IDI_k2	Math	Social Science, Filipino, Politics 12	8
IDI_k3	Math	Filipino 7, English 8	3
IDI_k4	Science	Filipino, Araling Panlipunan, ESP	3
IDI_k5	English	Filipino, Araling Panlipunan	7
IDI_k6	Science	Filipino	7
IDI_k7	Math	Araling Panlipunan, Filipino, ESP	3
FGD_k1	Social Science	Filipino 9	4
FGD_k2	English	Pagbasa at pagsuri ng ibang uri ng teksto	3
FGD_k3	Math	Filipino 7	34
FGD_k4	Math	Filipino, Araling Panlipunan, MAPEH, ESP	15
FGD_k5	General Science	Science, Filipino, MAPEH	35
FGD_k6	Biological Science	Math, Filipino, MAPEH	25
FGD_k7	Math	Filipino, English	30
FGD_k8	English	Filipino	10
FGD_k9	TLE	Filipino	10
FGD_k10	English	Filipino sa Piling Larang	10

Mga Karanasan ng mga Out-of-Field na mga Guro sa Pagtuturo ng Asignaturang hindi nila Pangunahing Larangan o Kasanayan

Makikita sa ikalawang talahanayan ang mga Karanasan ng mga Out-of-Field na mga Guro sa Pagtuturo ng Asignaturang hindi nila Pangunahing Larangan o Kasanayan. Mayroong apat na temang nangibabaw sa bawat pangunahing ideya alinsunod sa mga nabanggit ng mga kalahok. Ang mga sumusunod na tema ay Pagdududa sa sarili, at Mataas ang kumpiyansa sa pag-unawa sa paksa.

Talahanayan 2.

Mga Karanasan ng mga out-of-field na mga guro sa pagtuturo ng asignaturang hindi nila pangunahing larangan o kasanayan

Mahahalagang Tema	Pangunahing Ideya
Pagdududa sa sarili	Nag-aalangan kung maihahatid nila ang mga kinakailangang kakayahan na itinakda ng kurikulum Nalilito sa paksang itinuro Kinakabahan kung paano ipaliwanag nang mahusay ang subject
Mataas ang kumpiyansa sa pag-unawa sa paksa	Masyadong maraming oras sa paggawa ng pag-aaral ng paksa Gugulan ng mataas na panahon sa pag-aaral ng mga paksa Doble ang pagsisikap sa pagtuturo

Pagdududa sa sarili. Ang mga kalahok ay nakaranas ng pagdududa sa sarili sapagkat hindi ito ang kanilang pangunahing larangan. Sinabi nila ang kanilang saloobin matapos ibigay sa kanila ang asignaturang Filipino. Ang mga kalahok ay nakaramdam ng pag-aalangan kung maihatid nila ang kinakailangang kakayahan na itinakda ng kurikulum. May pagkakataong nalilito din sila sa paksang ituturo sapagkat hindi sila pamilyar sa mga paksa na kadalasan naging dahilan ito na sila ay kabahan sa kanilang pagtuturo kung paano ipaliwagang nang maayos ang paksang ituturo. Sa kanilang kuwento:

Of course, I'm hesitant because it's not my field of expertise I have this question whether ahh I am able to deliver the competencies prescribed by the curriculum that's my ahh apprehension during that time though I'm a little bit hesitant to teach but since in the exigency of service we are task to teach then we have to teach but there is a hesitancy mayroong pag-aalinlangan (IDI_1). (Syempre, nag-aalinlangan ako kasi hindi ko ito medyor may mga tanong ako na maihayag ko ang kompetensiya na makikita sa kurikulum yan ang iniisip ko sa panahon na iyon kahit medyo may pag-aalinlangan sa pagtuturo pero dahil sa exigency ng serbisyo naatasan tayong magturo kaya kailangan natin magturo kahit na mayroong pag-aalinlangan.)

Mataas ang kumpiyansa sa pag-unawa sa paksa. Ibinahagi ng mga kalahok ang kanilang

karanasan sa paghahanda ng leksyon at ang epekto nito sa daloy ng kanilang klase. Nakaramdam sila ng pagtaas ng kumpiyansa sa pag-uunawa sa paksa sapagkat masyadong maraming oras ang kailangan nila sa paggawa ng pag-aaral tungkol sa aralin, kailangan pang gugulan ng mataas na panahon ang paksa at dobleng pagsisikap sa paksang kanilang tatalakayin. Katulad nalang ng sinabi ng mga kalahok na:

Isa sa epekto ng pagiging out-of-field teacher ay ang kakulangan sa plano. Bilang Math ang pangunahing larangan, maaaring magdulot ito ng sapat na atensyon sa Filipino. Ang paghahanda ng mga leksyon ay maaari ding magdulot ng labis na trabaho kaya ito rin ay naapektuhan ang kaledad ng pagtuturo. Kinakailangan mo din itong pag-aralan nang mabuti dahil sa oras ng klase may mga bokabularyo ng Filipino na hindi maintindihan ng isang mag-aaral, kaya kinakailangan mong maipaliwanag ng mabuti ito sa iyong klase (IDI_k4).

Mga Hamon na kanilang naranasan sa pagtuturo ng mga Asignaturang hindi nila espesyalidad at paano nila ito tinugunan

Ang ikatlong talahanayan ay makikita ang mga hamon na hinarap ng mga gurong out-of field sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at kung paano nila ito hinarap para mabigyan ng kaalaman ang mga bata sa kanilang pag-aaral. Ang pangkalahatang hamon nila ay nagpasimula sa pagkilala ng mga sumusunod na tema: Pagsasalin ng mga salita at Pagbigay ng Formative na Pagtatasa at pandagdag na pag-aaral.

Talahanayan 3

Mga hamon na kanilang naranasan sa pagtuturo ng mga asignaturang hindi nila espesyalidad at paano nila ito tinugunan

Mahalagang Tema	Pangunahing Ideya
Pagsasalin ng mga salita	Paggamit ng diksyonaryo na Tagalog, Bisaya at English Paggamit ng modern technology-i-google para malaman ang kahulugan ng salita
Pagbigay ng Formative na Pagtatasa at pandagdag na pag-aaral	Paggamit ng HOTS question Hayaan ang mga learners na gumawa ng katanungan Pagtatanong sa mga bata kung ano ang naiintindihan nila Gawing takdang aralin ng mga bata ang mga hindi nila masagot

Pagsasalin ng mga salita. Maraming mahihirap at malalalim na mga salita ang laging nakasalamuha ng mga kalahok sa kanilang pang-araw-araw na pagtuturo kaya binanggit nila na malaki ang naitulong ng diksyonaryong Tagalog, Bisaya at English sa pagsasalin ng mga salita gayundin ang paggamit ng mga modernong teknolohiya para malaman ang kahulugan ng salita. Sinabi din nila na kung hindi alam ang kahulugan ng salita ay maaaring magtanong sa mga

bata at kasamahan upang matukoy ang ibig sabihin nito. Ibinahagi ng mga sumusunod na kalahok na:

Ang sa akin naman ay maraming hamon ang naranasan ko, especially may mga salitang hindi ko maintindihan. Gumamit pa ako ng diksyonary na Tagalog, Bisaya, English. Para maintindihan ang mga salita tulad ng lesson na kuwento, marami namang mga salitang bokabularyo na kailangan mong ibigay ang meaning para maintindihan ng mga learners ang kwento (IDI_k3).

Pagbigay ng Formative na Pagtatasa at pandagdag na pag-aaral. Nagbahagi ang mga kalahok kaugnay sa pagbibigay nila ng formative na pagtatasa at pandagdag na pag-aaral gaya nalang ng paggamit ng HOTS questions, hayaan ang mga mag-aaral na gumawa ng mga katanungan, pagtatanong sa mga mag-aaral kung ano ang naintindihan nila at gawing takdang-aralin ng mga bata ang hindi nila masagot. Pahayag ng mga kalahok:

Ano po maam, there are times na ano, like hinahayaan ko yung mga bata na bumuo ng mga tanong po. Pero honest naman po ako sa kanila if hindi ko alam ang sagot kaya nagtatanong po ako sa klase regarding sa binuo nila na tanong ayun po, open po kami (IDI_k7).

Epekto ng pagiging out-of-field sa kanilang motibasyon, personal na pagkakakilanlan at pananaw sa panilang tungkulin bilang guro

Makikita sa ika-apat na talahanayan ang epekto ng pagiging out-of-field na guro sa mga kalahok na may kaugnayan sa kanilang motibasyon, personal na pagkakakilanlan at pananaw sa kanilang tungkulin bilang guro. Mayroong tatlong temang nangibabaw sa bawat pangunahing ideya alinsunod sa mga nabanggit ng mga kalahok. Ang mga sumusunod na tema ay (1) Pangako sa mabisang pagtuturo (2) Pananatiling positibo ang pananaw, at (3) Mababang moral.

TALAHANAYAN 4

Epekto ng pagiging out-of-field sa kanilang motibasyon, personal na pagkakakilanlan at pananaw sa kanilang tungkulin bilang guro

Mahahalagang Tema	Pangunahing Ideya
Pangako sa mabisang pagtuturo	Inihanda nang maaga ang aralin
	Alamin ang iba't ibang konsepto at kakayahan sa Filipino
	Gumugol ng mas maraming oras upang matutunan ang paksa
	Mas tumutok sa paksa

Pananatiling positibo ang pananaw

Pagkakataon upang palawakin ang kanilang kaalaman

Sisipagan pa ang pagtuturo sa subject

Walang mahirap kung kakayanin

Pangako sa mabisang pagtuturo. Ibinahagi ng mga kalahok ang kanilang mga pananaw patungkol sa ginagawa nilang paghahanda sa kanilang aralin katulad ng paghahanda nang maaga sa paksa, alamin ang iba't ibang konsepto at kakayahan sa Filipino, gumugol ng mas maraming oras at tutukan ang paksang tatalakayin upang matutunan ito ng mga mag-aaral. Ang mga sumusunod ay binanggit ng mga kalahok na may kaugnayan sa mabisang pagtuturo. Nilahad ng mga kalahok na:

Tayo po, bilang out-of-field na guro, dapat alamin po natin, mahalaga na alamin natin ang iba't ibang concept sa pagtuturo ng Filipino pati na rin yung kakayahan sa pagtuturo nito (IDI_k3).

Pananatiling positibo ang pananaw. Ayon sa mga kalahok ang pagiging out of field na nagtuturo ng asignaturang Filipino ay hindi madali sapagkat kinakailangan nila itong pagtuunan ng pansin upang maituro nang maayos ang paksang tatalakayin sa mga mag-aaral, ngunit ang ganitong sitwasyon ay may positibong pananaw pa rin silang nakuha sa pagtuturo ng asignaturang hindi nila pangunahing larangan katulad ng sinasabi ng ilang kalahok na ang pagtuturo ng Filipino ay ang pagkakataon upang palawakin ang kanilang kaalaman, mas lalo pa nilang sisipagan ang pagtuturo sa asignaturang Filipino upang mapalalim ang kaalaman sapagkat ayon sa kanila walang mahirap kung kakayanin. Nabanggit nila na:

Ito ay nagbigay oportunidad sa akin upang lumawak ang aking kaalaman at kasanayan. Natuto rin akong maging mas adaptable at resourceful, lalo na sa pag-aaral ng bagong content at teaching strategies (IDI_k6).

DISKUSYON

Mga Karanasan ng mga Out-of-Field na mga Guro sa Pagtuturo ng Asignaturang hindi nila Pangunahing Larangan o Kasanayan

Pagdududa sa sarili. Ang mga kalahok ay nakaranas ng pagdududa sa sarili sapagkat hindi ito ang kanilang pangunahing larangan Ito ay maihahalintulad sa natuklasan nina Recede, Asignado, at Castro sa kanilang pag-aaral na (2023) natuklasan nila na may mga guro na may katamtamang antas ng kumpiyansa sa pagtuturo ng mga asignaturang hindi nila espesyalisasyon, ngunit may mga pagkakataon ng pagdududa sa kanilang kakayahan sa pagtulong sa mga mag-aaral na nahihirapan sa paksa. Ipinapakita ng pag-aaral na ang mga guro ay nangangailangan ng karagdagang pagsasanay at suporta mula sa administrasyon upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagtuturo. Bukod pa dito, maihahambing din ito sa natuklasan ni Modirkhamene (2023) sa kanyang pag-aaral na natuklasan niya na ang mga out-of-field teachers ay may mas mababang antas ng self-efficacy, mas mahihirap na estratehiya sa pamamahala ng

klase, at mas mababang pagganap ng mga mag-aaral kumpara sa mga in-field teachers. Ipinapakita ng pag-aaral na ang kakulangan sa espesyalisadong pagsasanay ay maaaring magdulot ng pagdududa sa sarili ng mga guro sa kanilang kakayahan. Dagdag pa dito, akma din ito sa pag-aaral nina Baras at Gillo (2021) tinalakay nila ang mga karanasan ng mga senior high school teachers na nagtuturo ng asignaturang hindi nila espesyalisasyon. Natuklasan nila na ang mga guro ay nakaranas ng pagkakaroon ng mababang self-esteem, kakulangan sa kaalaman, at pagdududa sa kanilang kakayahan sa pagtuturo ng mga asignaturang hindi nila espesyalisasyon. Gayunpaman, ipinakita ng mga guro ang kanilang kakayahan sa pamamagitan ng masusing pagpapalano ng nilalaman ng aralin, paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo, at pakikilahok sa propesyonal na pag-unlad. Ito ay may kaugnayan sa sinabi ng mga kalahok sa pag-aaral. Sinabi nila ang kanilang saloobin matapos ibigay sa kanila ang asignaturang Filipino. Ang mga kalahok ay nakaramdam ng pag-aalangan kung maihatid nila ang kinakailangang kakayahan na itinakda ng kurikulum. May pagkakataong nalilito din sila sa paksang ituturo sapagkat hindi sila pamilyar sa mga paksa. Naging dahilan ito na sila ay kinakabahan sa kanilang pagtuturo kung paano ipaliwanag nang maayos ang paksang ituturo.

Mataas ang kumpiyansa sa pag-unawa sa paksa. Ibinahagi ng mga kalahok ang kanilang karanasan sa paghahanda ng leksyon at ang epekto nito sa daloy ng kanilang klase. Bukod pa dito, ang mga ito ay maihahalintulad sa natuklasan sa pag-aaral ni Lagria (2020) na ang mga guro ay nakakaranas ng kakulangan sa kaalaman sa nilalaman, na nagdudulot ng mababang kumpiyansa sa pagtuturo. Gayunpaman, sila ay nagsasagawa ng mga estratehiya tulad ng self learning, pagtutulungan sa mga kasamahan, at pagsasanay upang mapabuti ang kanilang kasanayan at mapanatili ang mataas na kumpiyansa sa pagtuturo. Gayundin ang natuklasan nina Lopez at Roble (2022) sa kanilang pananaliksik na bagamat nakatuon ang pag-aaral na ito sa mga guro ng matematika, ang mga natuklasan ay maaaring mailapat din sa mga guro ng Filipino na nagtuturo ng asignaturang hindi nila espesyalisasyon. Natuklasan na ang mga guro ay nakaranas ng mga hamon tulad ng kakulangan sa kaalaman sa nilalaman, na nagdudulot ng mababang kumpiyansa sa pagtuturo. Dagdag pa ni Muegna (2024) sa kanyang pag-aaral na ang mga guro ay nagsasagawa ng mga estratehiya tulad ng inobatibong pamamaraan, pagpapakita ng propesyonalismo, at pagtutok sa personal at propesyonal na paglago upang mapabuti ang kanilang pagtuturo. Sa kabilang banda naman, sinabi ng mga kalahok na nagkaroon sila ng kumpiyansa sa pag-unawa sa paksa sapagkat masyadong maraming oras ang kailangan sa paggawa ng pag-aaral tungkol sa aralin, kailangan pang gugulan ng mataas na panahon ang paksa at dobleng pagsisikap sa paksang kanilang tatalakayin.

Mga Hamon na kanilang naranasan sa pagtuturo ng mga Asignaturang hindi nila espesyalidad at paano nila ito tinugunan

Pagsasalin ng mga salita. Maraming mahihirap at malalalim na mga salita ang laging kinakaharap ng mga kalahok sa kanilang pang-araw-araw na pagtuturo. Ang pagsasalin ng mga salita ay maiuugnay sa tinalakay ni Rada (2013) tungkol sa estilo ng pagsasalin sa wikang Filipino ng mga teksbuk sa Araling Makabayan. Inilantad ang mga hamon sa pagsasalin ng mga akdang banyaga tungo sa Filipino, kabilang ang mga isyu sa pagpili ng tamang termino at angkop na estilo ng pagsulat upang mapanatili ang kahulugan at konteksto ng orihinal na teksto. Gayundin ang ipinahayag ni Almario (2021) na ang konsepto ng pagsasalin bilang isang anyo ng "pakikipaglaro sa wika." Tinalakay ang kahalagahan ng pagiging malikhain at mapanuri sa proseso ng pagsasalin upang mapanatili ang diwa at mensahe ng orihinal na teksto habang

isinasaalang-alang ang kultura at konteksto ng target na wika. Dagdag pa dito, maiuugnay din ito sa inilathala nina Franchelle Nicole Borja, Daniella Ughoc, at Marife Villalon (2019) ang isang pag-aaral tungkol sa pagsasalin ng modyul pang-awtomasyong industriyal mula Ingles tungo sa Filipino. Ipinakita ang mga hakbang at pamamaraang ginamit sa pagsasalin upang matiyak na ang mga teknikal na konsepto ay naipahayag nang wasto at malinaw sa wikang Filipino, na nag-aambag sa modernisasyon at intelektuwalisasyon ng wika. Sa kabilang banda, binanggit ng mga kalahok na malaki ang naitulong ng diksyonaryo na Tagalog, Bisaya at English sa pagsasalin ng mga salita gayundin ang paggamit ng mga modernong teknolohiya para malaman ang kahulugan ng salita. Sinabi din nila na kung hindi alam ang kahulugan ng salita ay maaaring magtanong sa mga bata at kasamahan upang matukoy ang ibig sabihin nito.

Pagbigay ng Formative na Pagtatasa at pandagdag na pag-aaral. Nagbahagi ang mga kalahok kaugnay sa pagbibigay nila ng formative na pagtatasa at pandagdag na pag-aaral. Ito ay maiuugnay sa tinalakay sa pag-aaral nina Javines, at Azarias (2024) ang mga sanhi, hamon, at benepisyong pagtuturo sa labas ng espesyalisasyon sa mga pampublikong mataas na paaralan sa Santa Cruz, Ilocos Sur. Ipinakita ng mga guro ang pangangailangan para sa mga polisiya at suporta upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagtuturo at makapagbigay ng epektibong formative assessment sa kanilang mga mag-aaral. Bukod pa dito, maiuugnay din ito sa pag-aaral ni Bugwak (2021) tungkol sa mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng mga asignaturang hindi nila espesyalisasyon. Ipinakita ang mga hamon sa pag-unawa ng nilalaman, pagtugon sa mga tanong ng mag-aaral, at paggamit ng angkop na mga estratehiya sa pagtuturo. Iminungkahi ang patuloy na propesyonal na pag-unlad, konsultasyon sa mga eksperto, at mentoring upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa formative assessment. Gayundin sa nakita sa pag-aaral ni Dizon (2019) na kung saan sinuri ng pag-aaral na ito ang bisa ng mga guro sa labas ng espesyalisasyon batay sa kanilang kasanayan sa pagtuturo, pamamahala ng klase, at relasyon sa mga mag-aaral. Ipinakita na ang mga guro ay nangangailangan ng karagdagang pagsasanay at suporta upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa formative assessment at pagtuturo ng mga asignaturang hindi nila espesyalisasyon. Sa kabilang banda, binanggit din ng mga kalahok ang kahalagahan ng paggamit ng HOTS questions, hayaan ang mga mag-aaral na gumawa ng mga katanungan, pagtatanong sa mga mag-aaral kung ano ang naintindihan nila at gawing takdang aralin ng mga bata ang hindi nila masagot.

Epekto ng pagiging out-of-field sa kanilang motibasyon, personal na pagkakakilanlan at pananaw sa panilang tungkulin bilang guro

Pangako sa mabisang pagtuturo. Ibinahagi ng mga kalahok ang kanilang mga pananaw patungkol sa ginagawa nilang paghahanda sa kanilang aralin. Ito ay maihahambing sa pag-aaral nina Hobbs at Whannell (2020), na kung saan tinalakay ng pag-aaral na ito ang disenyo ng isang programang pang-propesyonal na pag-unlad para sa mga guro na nagtuturo sa larangang hindi nila espesyalisado, partikular sa agham at matematika. Ipinakita ng mga resulta na ang mga guro ay nakaranas ng pagtaas sa kanilang kumpiyansa at pag-unawa sa nilalaman, pedagohiya, at kurikulum. Ang programang ito ay nakatuon sa pagsasama ng mga guro sa mga aktibidad na nagpapalawak ng kanilang kasanayan at kaalaman. Batay sa isang ulat mula sa Philstar noong Agosto 2024, ipinapakita na 62 porsiyento ng mga guro sa pampublikong mataas na paaralan sa Pilipinas ay nagtuturo ng asignaturang hindi nila major. Ang Department of Education (DepEd) ay madalas nagtatalaga ng mga guro batay sa pangangailangan ng posisyon kaysa sa kanilang espesyalisasyon. Bukod pa dito, ayon kina Koehler at Mishra (2005), ang mga out-of-field

teachers ay nangangailangan ng aktibong support system upang matulungan silang magtagumpay sa kanilang mga klase. Ang paggamit ng teknolohiya at ang pagkakaroon ng mga peer mentoring at collaborative learning opportunities ay nakatutulong upang mapabuti ang kanilang pagtuturo. Sa kabilang banda naman, ibinahagi ng mga kalahok ang paghahanda nila sa kanilang aralin katulang ng, nang maaga sa paksa, alamin ang iba't-ibang konsepto at kakayahan sa Filipino, gumugol ng mas maraming oras at tutukan ang paksang tatalakayin upang matutunan ito ng mga mag-aaral. Ang mga sumusunod ay binanggit ng mga kalahok na may kaugnayan sa mabisang pagtuturo.

Pananatiling positibo ang pananaw. Ayon sa mga kalahok ang pagiging out of field na nagtuturo ng asignaturang Filipino ay hindi madali sapagkat kinakailangan nila itong pagtuunan ng pansin upang maituro nang maayos ang paksang tatalakayin sa mga mag-aaral. Ang pananatili ng positibo ang pananaw ay maihahambing sa pag-aaral ni Augusto (2020), ayon sa kanya ang mga guro na nagtuturo ng Filipino bilang out-of-field ay tinitingnan ito bilang pagkakataon upang mapalawak ang kanilang kaalaman at kasanayan sa ibang disiplina. Bukod pa dito, sa Marikina, natuklasan nina Recede, Asignado, at Castro (2023) na ang mga guro na itinatalaga sa pagtuturo ng asignaturang hindi nila espesyalisasyon ay nagpapakita ng kumpiyansa at motibasyon na magturo nang maayos. Samantala, sa Kapalong, Davao del Norte, ipinakita ni Donaire (2022) na bagamat may mga hamon tulad ng kakulangan sa kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino, tinitingnan ng mga guro ang pagtuturo ng Filipino bilang mahalaga at may positibong pananaw sa pagpapalaganap ng wika. Sa kabilang banda, ang ganitong sitwasyon ng mga kalahok ay may positibong pananaw pa rin silang nakuha sa pagtuturo ng asignaturang hindi nila pangunahing larangan katulad ng sinasabi ng ilang kalahok na ang pagtuturo ng Filipino ay ang pagkakataon upang palawakin ang kanilang kaalaman, sisipagan pa ang pagtuturo sa asignatura upang mapalalim ang kaalaman sapagkat ayon sa kanila walang mahirap kung kakayanin.

Implikasyon sa Kasanayang Pang-edukasyon

Nilayon ng pananaliksik na ito na masuri at mailarawan ang karanasan ng mga gurong out-of-field sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Naniniwala ang mananaliksik na mahalaga ang mga natuklasan sa pag-aaral dahil ipinakita nito ang dulot na impluwensya ng pagtuturong out-of-field na nakaaapekto sa kalidad ng pagtuturo ng guro.

Natuklasan sa pananaliksik na ang pagtuturong out-of-field ay may negatibong dulot sa emosyonal na aspekto ng guro pati na rin ang estilo ng kanilang pagtuturo. Nagbigay rin ito sa kanila ng suliranin at balakid na maging epektibo. Subalit, sa kabila ng mga pagsubok ay nagsikap sila na umangkop sa iba't ibang sitwasyong kanilang kinakaharap. Sa kabilang banda, ang karanasang ito ay nagdulot ng benepisyong sa mga guro dahil napalawak nito ang kaalaman at kasanayan nila sa ibang disiplina.

Tulad ng inilalahad ng teoryang TPACK (Technological Pedagogical Content Knowledge) mula sa pag-aaral ni Shulman noong 1986 na nakaaapekto sa pagiging produktibo ng isang guro ang hindi akmang kasanayan sa nakuhang trabaho. Nakabawas din ito sa antas ng pagkakontento sa ginagawa ng isang tao. Kung gayon, pinagtibay lamang ng pag-aaral na ito na ang pagtuturong out-of-field ay nakaaapekto sa kalidad ng edukasyon ng isang institusyon. Sa kabilang banda, kailangang maunawaan ng mga guro at ng mga nanunungkulan sa paaralan ang kalagayan sa pagtuturong out-of-field sapagkat kung ito ay ipagwalang bahala, hindi matutugunan ang suliraning dala nito. Bukod pa rito, ang pag-aaral ay maaari nilang maging basehan upang matugunan ang suliranin ng mga guro sa pagtuturo at may implikasyon din ito sa

pagtungo muli sa pag-impleta ng patakaran sa proseso ng pagtanggap ng gurong kailangan o recruitment process ng isang institusyon.

Para naman sa mga paaralan o mga nanunungkulan, magsisilbi itong paalala na bigyan ng pansin ang mga guro na nagtuturo ng asignaturang hindi nila pangunahing larangan at bigyan ng nararapat na suporta ang mga guro sa kanilang pagtuturo sapagkat nakasalalay sa kanila ang mabuting pagkatuto ng mga mag-aaral. Bilang pagtatapos, ang pananaliksik ding ito ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa mga punong guro at sa mga nanunungkulan na siyang pinagmulan ng suporta mula sa mga guro. Sila ang nagsilbing gabay sa patuloy na propesyonal na pag-unlad ng mga guro kung kaya dapat nilang ipagpatuloy ang sinumpaang tungkulin.

SANGGUNIAN

- Almario (2021). Pagsasaling wika: Pagsasalin bilang pakikipaglaro sa wika. Retrieved from <https://pagsasalingwika.blogspot.com/2021/06/pagsasalin-bilang-pakikipaglaro-sa-wika.html> Augusto (2020). Sulyap sa buhay ng mga gurong nagtuturo ng Filipino bilang out-of-field: Isang penomenolohikal na pagsusuri. *The Normal Lights*, 14(2), 193–214.
- Braun at Clarke (2006). Using thematic analysis in psychology. *Qual Res Psychol.* 3(2):77–101. <https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa> Psychology, 3, 77–101. doi:10.1191/1478088706qp063oa. <https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa>
- Braun at Clarke (2018). *Successful Qualitative Research: A Practical Guide for Beginners*. SAGE Publications. <https://doi.org/10.1177/0959353515614115>
- Braun at Clarke (2021). "Reflecting on reflexivity: A practical guide to thematic analysis." *Qualitative Research in Psychology*, 18(2), 1-11 <https://doi.org/10.1080/14780887.2020.1769238>
- Bugwak (2021). Travails of Out-of-Field Teachers: A Qualitative Inquiry. *Journal of World Englishes and Educational Practices*, 3(2), 1–11. <https://alkindipublisher.com/index.php/jweep/article/view/1345>
- Chan (2016). Teaching out-of-field: A review of the literature. *Journal of Education for Teaching*, 42(3), 255-273. <https://doi.org/10.1080/02607476.2016.1184458>
- Childs at McNicholl (2007) Science Teachers Teaching Outside of Subject Specialism: Challenges, Strategies Adopted and Implications for Initial Teacher Education. *Teacher Development*, 11, 1-20. <https://doi.org/10.1080/13664530701194538>
- Creswell (2009). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approach* (3rd ed.). Thousand Oaks, CA: Sage. <https://doi.org/10.5539/elt.v12n5p40>
- Creswell (2013). *Qualitative Inquiry and Research Design: Choosing Among Five Approaches*. <https://doi.org/10.46743/2160-3715/2019.4294>
- Creswell at Poth (2016). *Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches*. Sage publications. <https://doi.org/10.1086/317417>
- Creswell, Plano Clark, Smith at Meissner (2012). Best practices in mixed methods for quality-of-life research. *Quality of life Research*, 21, 377-380. <https://doi.org/10.1007/s11136-012-0122-x>
- Cruz at Del Mundo (2019). Managing multiple teaching roles in secondary education: The case of out-of-field teachers in Filipino. *Asian Journal of Educational Research and Policy*, 11(1), 66– 81. <https://doi.org/10.15663/wje.v24i1.620>
- Del Pilar at Militante (2020). Teaching Non-Major Subjects: Lived Experiences of DepEd SHS Teachers. *Solid State Technology*, 63(2), 3390–3399. Nakuha mula sa <https://solidstatetechnology.us/index.php/JSST/article/view/2435>
- Department of Education (DepEd) Annual Report on Teacher Deployment and Quality in the Philippines. DepEd Order No. 22, s. 2013 Section D. Criteria in the Selection of Teachers to be Transferred, partikular sa D.4 DepEd Order No. 40, s. 2014 titled "Guidelines on the Assignment of Teachers". DepEd Regional Office NCR (National Capital Region)
- DepEd. (2013). *Our Department of Education Vision, Mission and Core Values (DepEd VMV)*. DepEd Order no. 36 series of 2013.
- DiCicco-Bloom at Crabtree (2006). The qualitative research interview. *Medical education*, 40(4), 314-321. <https://doi.org/10.1111/j.1365-2929.2006.02418.x>

- Dizon (2019). Appraisal of the effectiveness of out-of-field teachers: Input for a proposed teacher development program. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 3(8). <https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/AAJMRA/article/view/3808>
- Dolores (2023). Paggalugad sa karanasan ng mga guro sa pagsasakatuparan ng pagtuturo sa Filipino sa elementarya sa ika-21 siglo: Isang penomenolohikal na pag-aaral. *EPR International Journal of Multidisciplinary Research*. <https://eprajournals.com/IJMR/article/14801>
- Domingo at Ramos (2020). Strengthening professional development for out-of-field teachers: A focus on Filipino instruction. *Southeast Asian Journal of Educational Policy and Training*, 8(1), 78–93. <https://doi.org/10.46679/isbn978819484832508>
- Educational Research and Reviews. (2016). An analysis of teachers' questioning strategies. *Educational Research and Reviews*, 11(18), 1724–1731. <https://academicjournals.org/journal/ERR/article-full-text/A09F37161683>
- Ellado (2021). Teachers' metacognition and higher order thinking skills (HOTS) of elementary school learners in Eastern Samar, Philippines. *International Journal of Humanities and Innovation (IJHI)*, 4(4), 169–174. <https://doi.org/10.33750/ijhi.v4i4.136>
- Evangelista (2016). The effectiveness of using PowerPoint presentation in teaching electromagnetic spectrum to the academic performance of selected Grade 10 students of the Lipa City National High School. *ResearchGate*. <https://www.researchgate.net/publication/301889328>
- Ferrer at Galang (2021). Building a Supportive Learning Culture for Out-of-Field Teachers. *Asian Journal of Teacher Education*, 38(3), 91-106. <https://ajte.org>. Frey (2019). *The SAGE encyclopedia of educational research, measurement, and evaluation* (Vol. 1-4). SAGE Publications. <https://doi.org/10.4135/9781506326139>
- Gibson at Bro (2009). Using documents in research. Gibson, W. and Brown, A.(2009) *Working with Qualitative Data*. London: SAGE Publications Ltd. Available at: <http://srmo.sagepub.com/view/working-with-qualitative-data/d59.xml> [Accessed 24 May 2012]. <https://doi.org/10.4135/9780857029041>
- Goodwin (2010). Globalization and the preparation of quality teachers: Rethinking knowledge domains for teaching. *Teaching Education*, 21(1), 19-32. <https://doi.org/10.1080/10476210903466901>
- Goos at Guerin (2022). Investigating the self-efficacy beliefs and classroom practices of out-of-field, in-field, and upskilled mathematics teachers. In *Out-of-Field Teaching Across Teaching Disciplines and Contexts* (pp. 311–332). Springer. https://doi.org/10.1007/978-981-16-93281_15
- Gorospe (2022). Pre-Service Teachers' Teaching Anxiety, Teaching Self-Efficacy, and Problems Encountered During the Practice Teaching Course. *Journal of Education and Learning*, 11(4), 84-95. *Nakuha mula sa* <https://ccsenet.org/journal/index.php/jel/article/view/0/47315>
- Gregory at Chapman (2013). *Differentiated Instructional Strategies: One Size Doesn't Fit All*. Corwin Press. <https://doi.org/10.13007/250> Groundwater-Smith, Ewing at Le Cornu (2011). *Teaching challenges and dilemmas*. South Melbourne: Cengage Learning Australia. <https://doi.org/10.24135/teacherswork.v9i1.428>
- Guba at Lincoln (1985). *Naturalistic Inquiry*. Sage Publications. Inc. [https://doi.org/10.1016/01471767\(85\)90062-8](https://doi.org/10.1016/01471767(85)90062-8)
- Gunasekera at Balasubramani (2020). Challenges faced by school teachers when seeking

- information: How barriers be addressed. *Library Philosophy and Practice* (e-journal). Retrieved from <https://digitalcommons.unl.edu/libphilprac/4415/>
- Gutierrez at Ramos (2020). Psychological preparedness of out-of-field teachers: A challenge in teaching Filipino. *Southeast Asian Journal of Education*, 11(2), 77–89. <https://doi.org/10.1080/02619768.2020.1806230>
- Ingersoll at May (2012). The Impact of Teacher Preparation on Student Achievement. *Educational Policy*, 46(3), 1-36. <https://doi.org/10.3102/0162373712454326>
- International Journal of Language Education (2020). The Realities of out-of-field teaching. *Educational Leadership*. May 2020. [Online] Available url: <http://EducationalLeadership/fulltext.as> 20 October 2020.
- Javier at Jubay (2020). Exploring parent-teacher collaboration to improve students' vocabulary skills: Action research. *International Journal of Linguistics, Literature and Translation*, 3(6), 1–9. <https://doi.org/10.32996/ijllt.2020.3.6.1>
- Javines at Azarias (2024). Contexture of out-of-field teaching in selected public national high schools: Implication for practice and policy formulation. *International Journal of Research Studies in Education*, 13(18), 145–155. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2024.24164>
- Jeschke, Kuhn, Heinze, Zlatkin-Troitschanskaia, Saas at Lindmeier (2021). Teachers' Ability to Apply Their Subject-Specific Knowledge in Instructional Settings—A Qualitative Kim (2011). Out-of-field secondary school teachers in Korea: Their realities and implications. *KEDI Journal of Educational Policy*, 8(1). <https://doi.org/10.24299/kier.2022.353.177>
- Koehler at Mishra (2005). What Happens When Teachers Design Technology-Enhanced Learning Environments? The Case of the TPACK Framework. *Educational Technology Research and Development*, 50(1), 99-115. <https://doi.org/10.2190/0ew7-01wb-bkhl-qdyv>
- Korb (2012) Conducting Educational Research. Validity of Instruments. 2012. <http://korbedpsych.com/R09eValidity.html>
- Krueger, at Casey (2009) Focus Groups: A Practical Guide for Applied Research. 4th edn. Sage Publications, London <https://doi.org/10.3138/cjpe.024.007>
- Kyale at Brinkmann (2009). The qualitative research interview. <https://doi.org/10.1093/acprof:osobl/9780199861392.003.0002>
- Lagata at Marbella (2024). Kasanayan sa pasulat na Filipino ng mga guro sa junior high school sa pampublikong paaralan sa Lungsod Sorsogon. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, 4(7), 127–141. <https://doi.org/10.47760/cognizance.2024.v04i07.012>
- Lagria (2020). Pragmatic sentiments and coping strategies of out-of-field English teachers in public senior high schools. *International Journal of Qualitative Research*, 1(2). <https://doi.org/10.47540/ijqr.v1i2.355>
- Lopez (2018). Epekto ng Angkop na Materyales at Kagamitan sa Pagtuturo ng mga Guro sa Filipino. *Journal of Educational Innovations*, 22(1), 75-88.
- Lopez at Roble (2022). Challenges and adaptive strategies of out-of-field mathematics teachers in the province of Misamis Oriental, Philippines. *American Journal of Educational Research*, 10(3), 111–115. <https://doi.org/10.12691/education-10-3-1>
- Miles at Huberman (2014). *Qualitative Data Analysis, A Methods Sourcebook*. <https://doi.org/10.1080/10572252.2015.975966>

- Modirkhamene (2023). In-Field vs. Out-of-Field EFL Teachers' Self-Efficacy, Classroom Management Styles and Students' Performance. *International Studies in English Language Teaching*, 1(2), 117–129. <https://doi.org/10.22080/iselt.2022.23589.1036>
- Monzaga at Afable (2022) Evaluating Out-of-Field Teaching in Values Education in the Division of Cavite Province, Philippines. <https://doi.org/10.2139/ssrn.4890765>
- Moser , Korstjens (2017) Series: Practical guidance to qualitative research. Part 1: Introduction. *Eur J Gen Pract*. 2017 Dec;23(1):271-273. <https://doi.org/10.1080/13814788.2017.1375093>
- Moser at Korstjens (2018). Series: Practical guidance to qualitative research. Part 3: Sampling, data collection and analysis. *European journal of general practice*, 24(1), 9-18. <https://doi.org/10.1080/13814788.2017.1375091>
- Muico, Guino at Mamulang (2022). Questioning techniques of teachers and speaking ability of students. *International Journal of Research Studies in Education*, 11(5), 115–119. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.170> National Research Council of the Philippines (NRCPP) "Teacher Quality and Teacher Deployment in the Philippines"
- Nixon at Ross (2017). Prevalence and predictors of out-of-field teaching in the first five years. *Journal of Research in Science Teaching*, 54(9), 1197–1218. <https://doi.org/10.1002/tea.21402>
- Nob at Tañola (2024). Challenges and adaptive strategies of out-of-field mathematics teachers in Misamis Oriental. *Journal of Education and Society*, 14(1), 1–15. <https://doi.org/10.1016/j.jes.2024.01.001>
- Nuncio (2022). Ang pagtuturo ng wika at panitikan ng Pilipinas gamit ang teknolohiya sa panahon ng pandemya. ResearchGate. Retrieved April 19, 2025, from https://www.researchgate.net/publication/356959451_Ang_Pagtuturo_ng_Wika_at_Panitikan_ng_Pilipinas_Gamit_Ang_Teknolohiya_sa_Panahon_ng_Pandemya
- Nyimbili., Leah, Nyimbili. (2024). Types of Purposive Sampling Techniques with Their Examples and Application in Qualitative Research Studies. *British journal of multidisciplinary and advanced studies*, doi: 10.37745/bjmas.2022.0419
- Ocbian et al. (2015). Questioning strategies of literature teachers among Grade 8 Filipino students. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 3(4), 45–53.
- OECD (2019). "Teaching and Learning International Survey (TALIS) 2018 Results". Ortega at Santos (2020). Lexical competence and teacher confidence in Filipino instruction among out-of-field educators. *Journal of Language Teaching and Applied Linguistics*, 8(1), 47–60. <https://doi.org/10.1515/iral-2016-0015>
- Pacana et. al. (2019). Out-of-Field Social Studies teaching through sustainable culture-based pedagogy: A Filipino perspective. *International Journal of Education and Practice*, 7(3), 230-241. <https://doi.org/10.18488/journal.61.2019.73.230.241>
- Pampanga at Dungca (2021). Jacks of All Trades: The Lived Experiences of Out-of-Field NonGovernment Basic Education Teachers. *Journal of Basic Education Research*, 6(1), 1-10. <https://cahaya-ic.com/index.php/JBER/article/view/1394>
- Pang-Masa. (2023, February 6). Paggamit ng Local Dialect sa Pagtuturo, Tablado sa Pinoy. *The Philippine Star*. Retrieved April 19, 2025, from <https://www.philstar.com/pang-masa/policemetro/2023/02/06/2242808/paggamit-ng-local-dialect-sa-pagtuturo-tablado-sa-pinoy>
- Paraiso, Ortiz at Paraiso (2025). Lived experiences of out-of-field junior high school science

- teachers. *International Journal of Research and Innovation in Social Science*, 9(1), 4494–4501. <https://doi.org/10.47772/IJRISS.2024.8120377>
- Parba (2021). Teaching critical vocabulary to Filipino heritage language learners. *Education Sciences*, 11(6), 260. <https://doi.org/10.3390/educsci11060260>
- Parba, J. (2021). Teaching critical vocabulary to Filipino heritage language learners. *Education Sciences*, 11(6), 260. <https://doi.org/10.3390/educsci11060260>
- Pew Research Center. (2024). Teacher Job Satisfaction: A Snapshot of U.S. Teachers' Current Perspectives. Nakuha mula sa <https://www.pewresearch.org>
- Philippine E-Journals. (2024). Exploring the impact of technology on education in the Philippines. *Journal of Educational Research and Development*, 12(3), 45-67.
- Philstar. (2024, August 30). The Philippine Star. Retrieved from <https://www.philstar.com>
- Pittenger at Lounsbery (2011). Student-generated questions to assess learning in an online orientation to pharmacy course. *American Journal of Pharmaceutical Education*, 75(5), 94. <https://doi.org/10.5688/ajpe75594>
- Plaza at Ibojo (2024). Teaching beyond expertise: Challenges of secondary English pre-service teachers in teaching out-of-field subjects. *International Journal of Academic Research in Education and Science*, 6(3), 100-111. Retrieved from <https://ijariie.com>
- Rada (2013). Estilo ng pagsasalín sa wikang Filipino ng mga teksbuk sa Araling Makabayan. *Scientia - The International Journal on the Liberal Arts*, 2(1). Retrieved from <https://scientiasanbeda.org/index.php/scientia/article/view/21>
- Ramsay (2013). Out-of-field teacher credentials 2010–2012. <https://doi.org/10.1007/s10763-012-9333-4>
- RAND Corporation. (2021). Teacher Stress and Burnout in the Post-Pandemic Era. Nakuha mula sa <https://www.rand.org>
- Recede, Assignado, at Castro (2023). Out-of-Field Teaching: Impact on Teachers' Self-Efficacy and Motivation. *International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research*, 4(2), 519-533. <https://doi.org/10.11594/ijmaber.04.02.19>
- Republic Act No. 4670, seksyon 3 o ang Magna Carta for Public School Teachers Republika Blg. 9155 Batas sa Pamamahala ng Batayang Edukasyon ng 2001 sa Pilipinas
- Reyes, Santos at Cruz (2019). Mga hamon sa epektibong paggamit ng wikang Filipino sa Pagsasalita. https://www.academia.edu/127049515/Mga_Hamon_Sa_Epektibong_Paggamit_Ng_Wikang_Filipino_Sa_Pagsasalita